

Mga proletaryo ng lahat ng bansa, magkaisa!

Pahayag ng Ika-1 ng Mayo 2026:

Mga Marxista-Leninista-Maoista ng lahat ng bansa, magkaisa!

Mga rebolusyonaryong sambayanan ng daigdig, magkaisa at gapiin ang imperyalismo, kasalukuyang rebisyunismo, at lahat ng reaksyunaryo!

Binabati ng Pandaigdigang Ligang Komunista ang pandaigdigang proletaryado, ang masang bayan ng daigdig, at ang Pandaigdigang Kilusang Komunista sa araw ng Pandaigdigang Proletaryado.

Ngayong taon, ipinagdiriwang natin ang ika-60 anibersaryo ng pagsisimula ng Dakilang Proletaryanong Himagsikang Pangkalinangan (DPHP) na pinamunuan ni Tagapangulong Mao Zedong. Ito ay dakilang muhon sa makasaysayang karanasan ng Pandaigdigang Rebolusyong Proletaryo. Sa paglingon sa nagdaang mga dekada, malinaw na lalo lamang lumaki ang kahalagahan nito sa paglipas ng panahon, at kailangang lalo pang itaguyod, ipagtanggol, at isabuhay ang di-namamatay nitong mga aral. Sa pagkakataong ito, nagbibigay-pugay din tayo kay Kasamang Basavaraj, Pangkalahatang Kalihim ng Partido Komunista ng India (Maoista), na buong kabayanihang nag-alay ng kanyang buhay halos isang taon na ang nakalipas upang ipagtanggol ang Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang Partido, at ang Digmang Bayan. Mabuhay at luwalhati kay Kasamang Basavaraj!

Ngayon, napakainam ng obhetibong kalagayan para sa pagsulong ng rebolusyon sa daigdig. Ang rebolusyon ang pangunahing makasaysayan at pampulitikang tunguhin. Nagpapatuloy ang mga Digmang Bayan, at malapit nang magsimula ang mga bago. Masalimuot ang kalagayan, kung saan nagngangalit ang sari-saring digmaan, kasabay ng araw-araw na paglakas ng pagsabog ng galit ng Masa. Kaya hindi kataka-taka na ginagawa ng mga tagapagtanggol ng Lumang Kaayusan, ng mga imperyalista at lahat ng kanilang alipures, ang lahat ng kaya nila upang lituhin ang mga tao at ipalaganap ang pesimismo. Dito, tayong mga komunista ay may higit pang dahilan upang mahigpit na panghawakan ang estratehikong kaisipan ni Mao Zedong, na malawak na pinalaganap noong DPHP: **ang imperyalismo at lahat ng reaksyunaryo ay mga tigreng papel!** Sa mismong mapanghamon at matapang na diwang ito inialay ni Kasamang Basavaraj ang kanyang buhay. Sandatahan natin ang ating sarili, ang ating uri, at ang mga Sambayanan sa gayon ding paraan, at walang hamak na rebisyunista o oportunistang pagkatalo ang makapaghahasik ng kalituhan!

Ang imperyalismo ay nasa pangkalahatang krisis ng pagkabulok

Ang imperyalismo, ang pinakamataas na yugto ng kapitalismo, ay monopolyong kapitalismo at nabubulok na kapitalismo. Wala itong maihahandog na tunay na pagsulong sa masa, kundi higit pang mga digmaang pandarambong, pagsasamantala, at pang-aapi. Sa kasalukuyan, hawak ng pinakamayamang 10% ang 75% ng yaman ng daigdig. Ang pinakamayamang 0.001%, humigit-kumulang 60,000 multimilyonaryo, ay may yaman na tatlong ulit na mas malaki kaysa

sa yaman ng kalahati ng sangkatauhan. Isa itong proseso ng konsentrasyon na lalong bumibilis, sa tulin na 8% bawat taon mula pa noong dekada 1990. Noong 2025, lumaki ng 16% ang yaman ng mga multimilyonaryo, tatlong ulit na mas malaki kaysa sa nagdaang limang taon.

Kumakatawan ang imperyalismo sa napakalaking sentralisasyon ng Kapital sa kamay ng mga Kapitalistang Pinansyal ng iilang bansa. Sa 80 kumpanyang may pinakamalaking likidong kita sa daigdig, 35 ay mula sa Estados Unidos, 19 mula sa Tsina, 5 mula sa Alemanya, at 5 mula sa Hapon. Mas mataas pa ang konsentrasyong ito sa mga bangko: bawat isa sa 12 pinakamalaking bangko sa daigdig, karamihan mula sa Estados Unidos o Tsina, ay may ari-ariang mas malaki ang halaga kaysa sa buong kabuuang produktong panloob ng Brasil. Ipinakikita rin ng mga pondo ng pandaigdigang reserbang salapi, na ginagamit ng mga imperyalista upang palakasin ang kontrol at sentralisasyon, ang tunguhing ito. Sa kasalukuyan, ang mga sapi ng Inatang-Yaman ng Estados Unidos at ang mga soberanong pondo ng mga bansang Europeo ay magkasamang kumakatawan sa 80% ng lahat ng pandaigdigang reserbang salapi (na 60% at 20% ayon sa pagkakasunod), samantalang umabot lamang sa 2.83% ang renminbi ng Tsina. Ipinakikita nito ang hegemonikong lakas ng Estados Unidos kung ihahambing sa Tsina at iba pang kapangyarihan.

Tinatakpan ng huwad na diskurso ng imperyalismo tungkol sa kapaligiran ang katotohanang ang pinakamayamang 1% ang may pananagutan sa 41% ng pagbuga ng karbon, at kung isasama ang pinakamayamang 10%, tumataas ito sa 77%. Sa kabilang banda, ang kalahati ng populasyon ng daigdig, ang mahihirap, ay kumakatawan lamang sa 3% ng mga pagbugang ito.

Ang imperyalismo, ang monopolyong yugto ng naghihinalong kapitalismo, ay malayo sa pagiging pagsulong; pinananatili nito ang kababaihan sa ilalim ng pagsasamantala at pang-aapi. Ang kababaihan, na kalahati ng populasyon ng daigdig, ay tumatanggap lamang ng isang kapat ng sahod. Lumalaganap din saanman ang karahasan laban sa kababaihan. Gayunman, sa Gaza pinakamataas sa buong daigdig ang karahasan laban sa kababaihan, kung saan hindi bababa sa 38,000 babae ang pinaslang ng mga hukbong Sionista.

Hindi bababa sa 1.1 bilyong tao sa mga bansang inaapi ng imperyalismo ang nabubuhay sa sukdulang kahirapan. Humaharap ang 2.3 bilyong tao sa tinatawag na malubha o katamtamang kawalang-katiyakan sa pagkain at sa matinding pagtaas ng presyo. Sa hanay ng Masang ito, malaking bahagi ang mismong mga magsasakang lumilikha ng humigit-kumulang 70% ng pagkain ng daigdig.

Lalo pang pinatatalas ng mga digmaan ng imperyalismong Amerikano ang pagbilis ng panibagong pagsambulat ng pandaigdigang krisis pang-ekonomiya at ang paglala ng kalagayan ng buhay ng Masa, na itinutulak ng pagtaas ng presyo. Ang bula sa ari-ariang real ng Tsina, ang kahirapan ng mga imperyalistang Tsino na palakihin ang panloob na pagkonsumo, ay nadaragdagan pa ng bula ng malalaking kumpanyang teknolohikal ng Estados Unidos, na kumokontrol sa 40% ng kapital sa sapi ng Estados Unidos.

Ang imperyalismo ay nasa pangkalahatang krisis ng pagkabulok. Kapag sinusubukan nitong lagpasan ang krisis nito, ibinubuhos nito ang barbarismo sa inaaping mga Sambayanan nang

may higit pang kalupitan, pinalalawak ang mga digmaang agresyon at pandarambong. Sa desperadong pagtatangkang panatilihin ang hegemonikong posisyon nito, lalo pang pinipiga ng imperyalismong Amerikano ang iba pang imperyalistang Kanlurang Europeo, gayundin ang Hapon at Australya, upang sumunod sa mga dikta nito at maglingkod sa interes nito. Humahantong ito sa mas matinding tunggalian at sa pagtalas ng pakikibaka sa hanay ng mga imperyalista. Nagbubukas ang mga digmaan para sa bagong hatian ng dambong sa Latin Amerika, Aprika, at Asya, kabilang ang tinatawag na Gitnang Silangan.

Gayunman, lubusang nabigo ang kontra-rebolusyonaryong opensiba ng imperyalismo, na pangunahing itinulak mula pa sa simula ng dekada 1990, at naglayong pigilan ang pagsulong ng mga pakikibaka ng pandaigdigang proletaryado at ng mga pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya. Ang obhetibo at suhetibong kalagayan para sa pagsulong ng dalawang pwersa ng pandaigdigang rebolusyon, ang kilusan para sa pambansang pagpapalaya at ang pandaigdigang kilusang proletaryo, ay paborableng umuunlad, at malinaw na ipinakilala ang pagsisimula ng Bagong Panahon ng mga Rebolusyon sa daigdig.

Ang Ating mga Tungkulin

Bagaman nananatiling relatibong mahina ang suhetibong pwersa ng rebolusyon, higit pang mahina ang mga Partido, sandatahang lakas, at rehimen ng naghaharing mga uri: ang mga pwersa ng kontra-rebolusyon ay nakasalig sa bulok na batayan. Nagbibigay ito ng kalagayan upang sumulong nang malalaking lundag ang mga pwersa ng rebolusyon. Sa ganitong kalagayan, tinatawag ang mga pwersa ng buong Pandaigdigang Kilusang Komunista sa isang malaking hamon: ilagay ang Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang pamumuno at gabay upang itulak ang Pandaigdigang Rebolusyong Proletaryo.

Upang gampanan ang makasaysayang tungkulin, di-maiiwasan at kagyat na kailangan ang pagsulong sa pagtatatag at muling pagtatatag ng mga komunistang Partido na Marxista-Leninista-Maoista upang, sa gitna ng matinding tunggalian ng uri at sa gitna ng masalimuot na mga digmaan ng maraming uri, mapaunlad ang rebolusyonaryong digmaan, ang Digmang Bayan, upang itulak ang Pandaigdigang Rebolusyong Proletaryo. Humaharap ang mga komunista saanman sa daigdig sa dalawang kagyat na tungkulin. Una at pangunahin, ipagtanggol ang pulang bandila ng Marxismo-Leninismo-Maoismo na lumilipad sa India, mahigpit na pumanig sa PKI(Maoista), at itaas sa bagong antas ang suporta sa Digmang Bayan na pinamumunuan nito, habang nilalabanan ang nagsasanib na atake ng Imperyalismo, Rebisyunismo, at Reaksyon. Ikalawa, itulak ang pandaigdigang anti-imperyalistang pagpapakilos, itaas ang pagiging palaban nito sa pamamagitan ng mga pagkilos na wawasak sa legalista at repormistang tanikala na ipinipilit ng oportunismo at rebisyunismo, sa pamamagitan ng pagpapakawala sa makatarungang poot ng Masa, lalo na sa pagsuporta sa mga pakikibaka laban sa agresyong imperyalista at para sa pambansang pagpapalaya ng mga bansa at Sambayanan sa Latin Amerika at Gitnang Silangan, na siyang saligang aspeto.

Ang bagong panahong ito ay minarkahan ng isang pangyayaring may dakilang kabuluhan: ang Baha ng Al-Aqsa noong Oktubre 7, 2023. Ang pangyayaring ito ay hindi lamang isang bayaning pagkilos ng inaaping sambayanan, kundi isa ring pagkatalo para sa imperyalismong Amerikano

sa rehiyon. Niyang ng kontra-opensiba ng Pambansang Paglaban ng Palestina noong Oktubre 7 ang buong pundasyon ng kaayusang panrehiyon at pandaigdig. Ipinakita nito na ang nasa ibaba ay ayaw nang mabuhay gaya ng dati, at ang nasa itaas ay hindi na makapaghari gaya ng dati. Malalim na minarkahan ng dakilang pangyayaring ito ang buong pag-unlad ng kalagayang pandaigdig. Kinatawan ng Baha ng Al-Aqsa ang pagkatalo ng mga Kasunduang Oslo at mga Kasunduang Abraham, at isang dagok laban sa Estado ng Israel, ang pangunahing balwarte ng kapangyarihang imperyalistang Amerikano sa rehiyon. Pinilit nito ang imperyalismong Amerikano na lalong tulungan ang Estado ng Israel at palakihin ang digmaang agresyon nito upang mapanatili ang paghahari.

Buong kabayanihang nilabanan ng Pambansang Paglaban ng Palestina ang karumal-dumal na henosidyo sa loob ng tatlong taon, laban sa kaaway na armas at pinopondohan ng pinakamalakas na Kapangyarihang imperyalista sa planeta, may mas mataas na sandatahan, at pinilit ito na gumawa ng kasunduang pangkapayapaan. Ipinakita sa buong daigdig ang katangiang tigre sa papel ng imperyalismong Amerikano at ng kanilang mga tauhang Israeli. Sa loob ng Israel, lalo pang lumalim ang lahat ng kontradiksyon nito. Mas umaasa ngayon ang Israel kaysa kailanman sa salapi at armas ng Estados Unidos upang mabuhay.

Itinaas ng tatlong taon ng di-mababaling Pambansang Paglaban ng Palestina ang pampulitikang kamalayan ng Masa sa buong daigdig. Bunga nito, umuunlad ang anti-imperyalistang kilusan sa lahat ng bansa, kapwa inaapi at imperyalista, sa kahanga-hangang paraan. Higit kailanman, kinukwestiyon ng mga Sambayanan ng daigdig ang pag-iral ng Estado ng Israel, at ninanais nila ang pagkawasak nito at ang pagtatayo ng isang malayang Palestina. Umaabot sa bawat sulok ng daigdig ang lumalaking bagong alon ng anti-imperyalistang kilusan, na nananawagan na walisin ang imperyalismo at wakasan ang lahat ng reaksyon. Matapos ang tatlong taon ng digmaan, ipinakikita ng mga katotohanan na ang Masa, ang Sambayanan ng Palestina, ang tunay na makapangyarihan, at hindi ang mga imperyalistang Amerikano at ang kanilang mga tauhang Israeli.

Sa digmaang agresyon nito laban sa Iran, layon ng Estados Unidos na lumikha ng pagbabago ng rehimen sa pamamagitan ng mga lokal nitong alipures, at muling kunin ang kontrol sa bansang nawala noong 1979. Kabilang sa mga layunin nito ang hadlangan ang estratehikong paglapit ng Iran sa Tsina at pahinain ang suplay ng enerhiya ng huli. Gayunman, hindi lamang ito digmaan para sa kontrol sa mga yaman. Sa paghampas sa Iran, layon din ng mga imperyalistang Amerikano at ng Estado ng Israel na ihiwalay at talunin ang mga pwersa ng pambansang paglaban laban sa imperyalismong Amerikano sa rehiyon. Matapos ang mahigit 40 araw ng mabangis na pinagsanib na kampanyang militar laban sa Iran, Lebanon, Palestina, at Yemen, nabigo ang Estados Unidos na abutin ang alinman sa mga layunin nito.

Nag-aangkin ng mga huwad na tagumpay ang henosidyong sina Trump at Netanyahu. Sinabi ni Tagapangulong Mao na ang mga imperyalistang Amerikano ay lubusang mayabang at tumatangging mangatwiran, at ang katangiang ito ay nagmumula sa sarili nilang makauring katangian at patuloy na pagkabulok. Ang kanilang kayabangan ay hahantong lamang sa higit pang kabiguan. Sa kabila ng sunod-sunod na pagkatalo, patuloy na manggugulo ang

imperyalismong Amerikano hanggang sa huling pagkatalo nito. Ito ang lohika ng lahat ng imperyalista.

Sa Latin Amerika, pinabilis ng Estados Unidos ang mga plano nitong palakihin ang kontrol sa rehiyon. Isinaayos ng imperyalismong Amerikano ang pagdukot kina Pangulong Maduro at Cilia Flores, at binomba ang Venezuela upang kontrolin ang bansa at ang langis nito. Binomba ng mga imperyalistang Amerikano ang duyan ng pakikibaka para sa kasarinlan laban sa kolonyal na paghahari ng Espanya, at itinutok ang kanilang mga baril laban mismo sa mga Sambayanan ng Latin Amerika, lalo na laban sa bansang Cuba na ilang dekada nang lumalaban sa kapangyarihan ng Estados Unidos, nakibaka laban sa kriminal na pagharang at patuloy na agresyon, habang ipinagtatanggol ang soberanya nito. Ngayon higit kailanman, dapat nating itaas ang sigaw: **Cuba Si, Yanqui No!**

Ang hamak na agresyon laban sa Venezuela ay simula lamang ng bagong opensiba ng panghihimasok at agresyong imperyalista laban sa kontinente. Sa bagong kalagayang ito, kailangang pumili ng panig ang lahat. Ang panig ng nakararami: ang panig ng mga katutubong Sambayanan, magsasaka, masang manggagawa sa lungsod at kanayunan, kabataan na pumapasok sa unang hanay ng pakikibaka, at mga organisasyong bumabangon laban sa agresyong imperyalista at mga alipures nito. O ang panig ng pinakamasasamang taksil, ang mga tagasunod ng teorya ng pambansang pagpapasakop, ang tulad nina Lula, Sheinbaum, Boric, Petro, na nagmadaling ialok ang kasuklam-suklam niyang serbisyo kay Trump at gumapang patungong Puting Bahay upang humingi ng armas laban sa digmaang magsasaka sa Colombia, at ni Ginang Rodriguez.

Ang agresyong Yankee laban sa Latin Amerika, na tiyak na lalo pang tataas sa darating na panahon, ay aktuwal na patunay ng mapagpasyang katotohanan na ang kontinente ang pinakamahinang kawing sa tanikala ng imperyalismo, ang larangang labanan kung saan itatakda ang hinaharap na pag-unlad ng Pandaigdigang Rebolusyong Proletaryo. Sa Brasil, ang bansang may pinakamalaking konsentrasyon ng masa sa Latin Amerika, hinuhubog ang mga labanang magpapayanig sa lumang kaayusan at sa dominasyong imperyalista.

Ikinakalat ng mga imperyalista ang kanilang mga pwersa sa malalawak na sona ng Latin Amerika, Asya, at Aprika. Sa loob din ng mga bansang imperyalista, pinakakilos nila ang kanilang mapanupil na kasangkapan laban sa sarili nilang mamamayan. Ang mga imperyalista at mapanumbalik, tulad ng mga higanteng may paang luwad, sa katunayan ay walang iba kundi maliliit na muog, maliliit na pulong napapaligiran sa lahat ng panig. Ang inaaping mga Sambayanan ng Asya, Aprika, at Latin Amerika ay bahagi ng dambuhalang karagatan ng masa ng proletaryado at inaaping mga Sambayanan. Habang mas malalim na pumapasok ang imperyalismo sa mga rebolusyonaryong sonang ito, mas mabilis itong mapapaligiran ng mga dagat ng nag-aalsang masa ng daigdig na maglilibing sa kanila sa pamamagitan ng mga alon.

Patakaran ng imperyalismo na hatiin ang mga Sambayanan ayon sa relihiyon, pinagmulang etniko, at nasyonalidad. Patakaran ng mga komunista na pagkaisahin ang lahat ng inaapi at pinagsasamantalang masa laban sa iisang kaaway. Ipinagtatanggol ng mga anti-imperyalista ang karapatan sa sariling pagpapasya ng lahat ng bansa. Bahagi ng mga tungkulin ng Bagong

Demokratikong Rebolusyon ang pagdaig sa agresyong imperyalista. Dahil dito, dapat suportahan at aktibong lahuman ng mga komunista ang paglaban, lumalaban nang may kasarinlan at sariling pasya, laban sa agresyon, at sa gitna ng pakikibaka ay itatag ang proletaryong pamumunong Marxista-Leninista-Maoista, na di-maaaring mawala bilang kundisyon para sa tuluy-tuloy na pakikibaka laban sa imperyalismo, na kinakailangang nakaugnay sa pakikibaka upang tapusin ang Demokratikong Rebolusyon sa inaaping mga bansa.

Ang mga nanindigan nang matibay sa gawa para sa pambansang paglaban laban sa agresyong imperyalistang Amerikano at Sionista, sa pagtatanggol sa karapatan sa pambansang sariling pagpapasya, ay obhetibong nasa panig ng anti-imperyalistang hanay at dapat suportahan hangga't pinananatili nila ang paninindigang ito. Kaya, sa harap ng katotohanang ang mga Sambayanan at masang anakpawis ay humahawak ng armas laban sa mga imperyalistang mananalakay, dapat nating sabihin: habang mas marami, mas mabuti! Mabuti rin na ang ibang uri ay humahawak ng armas upang ipagtanggol ang soberanya ng isang bansa, dapat din nating sabihin: mas mabuti ang mas marami kaysa mas kaunti.

Lahat ng kumikilos bilang mga tauhan, o nag-aalok na maging tauhan, ng mga imperyalistang mananalakay ay bahagi ng hanay ng agresyong imperyalista, at tungkulin ng mga anti-imperyalista na ilantad at labanan sila.

Lalo pang nabubukod ang imperyalismong Amerikano, at kinikilala ng lahat ng Sambayanan ng daigdig na ang imperyalismo ang pinagmumulan ng lahat ng digmaan. Dakilang bukal ng inspirasyon ang pakikibaka laban sa agresyong imperyalista, at tumataas saanman ang anti-imperyalistang kilusan. Ang agos na ito ang pangunahing batayan para sa tulak na paunlarin ang Rebolusyon sa daigdig.

Gayunman, hindi dapat malimitahan ang tuluy-tuloy na pakikibaka laban sa imperyalismo sa pakikibaka lamang laban sa agresyon. Upang mapaunlad ang tuluy-tuloy na pakikibaka, dapat itong magpatuloy sa pagwasak sa mga batayan ng dominasyong imperyalista sa mga bansa ng burukratang kapitalismo, ng malaking burgesya, at ng malalaking panginoong maylupa, sa pamamagitan ng Bagong Demokratikong Rebolusyon. Sa mga bansang imperyalista, dapat labanan ang mga imperyalista sa sarili nilang mga kuta, isang pakikibakang dapat ilunsad nang di-maihihiwalay sa kilusan para sa pambansang pagpapalaya ng mga kolonya at mala-kolonya, sa pamamagitan ng Sosyalistang Rebolusyon. Ang pinakamataas, pinakakongkreto, at pinakatuluy-tuloy na anyo ng pakikibaka laban sa imperyalismo ay matatagpuan kung saan ito umuunlad tungo sa tunay na mga Rebolusyong pinamumunuan ng mga Komunistang Partido na Marxista-Leninista-Maoista sa pamamagitan ng mga Digmang Bayan. Ang mga pakikibakang ito ang pinakamataas na trintsera sa pakikibaka upang walisin ang imperyalismo at reaksiyon mula sa balat ng lupa at magtayo ng bagong kapangyarihan.

Dahil dito, sa kasalukuyan, dapat nakatuon ang ating puso at isipan sa subkontinenteng Indian, kung saan pinamumunuan ng PKI(Maoista) ang isang Bagong Demokratikong Rebolusyon sa pamamagitan ng Digmang Bayan, buong tapang na pinakikilos ang pinakamalawak na Masa ng Sambayanan sa pagtatanggol sa kanilang mga karapatan, at kabilang dito ang pinakamataas:

Rebolusyon. Sa bansang may pinakamalaking populasyon sa daigdig, naglulunsad ang mga imperyalista at kanilang mga alipures ng karumal-dumal na digmaan laban sa mamamayan. Ang kasumpa-sumpang Operasyong Kagaar, na kamakailan lamang natapos, ay isa pang kabanata ng Digmaan Laban sa Mamamayan na pinamumunuan ng naghaharing mga uri ng India, mga lingkod ng imperyalismo. Ngayon, maaari nating pagtibayin na nabigo ang Operasyong Kagaar, gayundin ang mga naunang operasyon tulad ng Operasyong Green Hunt, at mabibigo ang lahat ng darating na kontra-rebolusyonaryong operasyon laban sa mamamayan, hanggang sa huling pagkatalo ng reaksyon.

Walang nagagawa ang mga pasistang naglalayong sakalin sa lahat ng paraan ang Rebolusyong Indian kundi lalo pang palawakin ang tinig nito sa buong daigdig. Umaalingawngaw sa buong daigdig ang sigaw-pandigma ni Kasamang Basavaraj. Ang pasya ng mga komunista na mahigpit na pumanig sa PKI (Maoista) ang pinakamalinaw na patunay nito.

Bombahin ang punong-himpilan ng rebisyunismo!

Itinuro sa atin ni Tagapangulong Mao na tanging sa paglaban sa rebisyunismo maaaring paunlarin ang mga pwersa ng Rebolusyon. Kaya, sa harap ng mga bagong tungkulin ng pandaigdigang Rebolusyon, kailangang itaas ang pakikibaka sa pagitan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at rebisyunismo sa lahat ng anyo nito. Ngayon, sa pagdiriwang natin ng ika-60 anibersaryo ng Dakilang Himagsikang Pangkultura ng Proletaryado, dapat nating muling pagtibayin ang ating pakikibaka laban sa pagpapanumbalik ng kapitalismo sa Tsina, at itaas ang ating pakikibaka laban sa rebisyunismo ng huwad na Partido Komunista ng Tsina. Ang rebisyunismo ni Xi Jinping ay kumakatawan sa isa sa mga pangunahing baryante ng rebisyunismo, isa sa mga pangunahing panganib sa pandaigdigang kilusang proletaryo at sa kilusan para sa pambansang pagpapalaya, at dapat itong mabangis na labanan sa lahat ng larangan.

Bahagi ng kontra-rebolusyonaryong agos sa daigdig ang rebisyunismo ni Xi Jinping. Gumagamit ito ng huwad na pulang mga bandila upang labanan ang pag-unlad ng dalawang agos ng pandaigdigang Rebolusyon. Tapat na tagasunod si Xi Jinping ng landas ni Deng Xiaoping, na noong 1988 ay tinukoy bilang paglipat mula sa tunggalian ng uri tungo sa produktibidad, mula sa pagkakahiwalay tungo sa pagbubukas. Sosyalista sa salita at imperyalista sa gawa ang mga sosyal-imperyalistang Tsino.

Ipinakikita ng papel ng sosyal-imperyalistang Tsina at imperyalistang Rusya sa mga kamakailang tunggalian ang kanilang katangian. Ipinagbili ang soberanya ng Syria sa pamamagitan ng kasunduan sa pagitan ng mga imperyalistang Ruso at mga Hilagang Amerikano, ibinigay ang bansa sa mga warlord at mga mersenaryong Salapistang maka-imperyalista, kapalit ng kanilang mga interes sa Ukraine. Ipinakita kung paano, sa tunggalian at sabwatan, inihain ng Rusya ang soberanya ng Syria sa plato para sa mga imperyalistang Amerikano.

Sa Palestina, habang nagsasagawa ang Hanay ng Pambansang Paglaban ng mabangis na digmaan laban sa okupasyon at henosidyong ipinatutupad ng Israel, pinatatag ng mga sosyal-imperyalistang Tsino ang kanilang ugnayan bilang ikalawang sosyo-ekonomikong katuwang ng Israel at unang patutunguhan ng iniluluwas nito. Sa pamamagitan ng kanilang mga ahente, hinikayat nila ang pagsuko at ang burukratikong landas na kinakatawan ng huwad na Awtoridad Palestino.

Habang gumagawa ng malalambot na pahayag laban sa digmaang agresyon, nagsagawa ang mga sosyal-imperyalistang Tsino ng mga lihim na negosasyon hinggil sa soberanya ng mga bansa at interes ng Sambayanan kapalit ng mga kasunduang umaayon sa sarili nilang pang-ekonomiyang interes. Upang ilihis ang anti-imperyalistang kilusan mula sa rebolusyonaryong landas, sinusubukan ng mga rebisyunistang tagasunod ni Xi Jinping na buhayin ang mga maling pinangalanang teoryang Ikatlong-Daigdigista ng Pandaigdigang Timog, Brasil, Rusya, India, Tsina, Timog Aprika, at iba pa. Dito, umaasa sila sa tulong ng mga lumang rebisyunistang partido sa buong daigdig. Isa itong kontra-agos na naglalayong pahinain at ilihis ang kilusan para sa pambansang pagpapalaya upang paglingkuran ang interes ng iba't ibang imperyalista.

Noong 1966, sa buwang-liwayway ng Dakilang Himagsikang Pangkultura ng Proletaryado, tinukoy ni Tagapangulong Mao ang rebisyunismo bilang pagtalikod sa pakikibaka laban sa kaaway. Ito ang diwa ng makabagong rebisyunismo. Ito ang diwang ikinakalat ng rebisyunismo ni Xi Jinping, ang diwa ng pagsuko sa pakikibaka laban sa imperyalismo at reaksyon.

Ipinahayag ni Tagapangulong Mao na ang proletaryado ay may maningning na kinabukasan at ang mga rebolusyonaryo ay mga proletaryong optimista. Isa itong usaping ideolohikal na napakahalaga. Ang pagdaig ng bago sa luma ay pangkalahatan at di-malalabag na batas ng Sansinukob. Ang pesimismo ay anyo ng rebisyunismo. Sinasalamin nito ang di-proletaryong ideolohiya, laban sa diyalektikong materyalismo. Ito ang silid-pasukan ng pagsuko at likidasyon, at dapat itong walisin mula sa ating hanay.

Ang rebisyunista, sumusuko, at taksil na pangkat ni Sonu sa India at ang kanilang mga tagasunod sa Pandaigdigang Kilusang Komunista ay tapat na tagapagdala ng bandila ng pesimismo, pagsuko, at kawalan ng tiwala sa masa, sa Partido, at sa Rebolusyon. Para sa kanila, hindi ang masa kundi ang mga imperyalista ang makapangyarihan sa lahat. Wala silang pakialam sa interes at kapalaran ng masa, ng proletaryado, at ng sambayanan. Ang tanging pumupuno sa kanilang puso at isip ay indibidwalismo.

Salungat ang kanilang diwa sa tunay na mga pinuno ng PKI (Maoista), tulad ni Kasamang Basavaraj, na nagsandata sa Partido ng diwa ng pakikipaglaban sa kaaway, ng katapangan, at ng halimbawa ng pag-aalay ng sariling buhay para sa Partido at Rebolusyon. Sa pagtatanggol sa landas ng Digmang Bayan, sinabi ni Kasamang Basavaraj: **"Dapat gawing walang-talong pulang hukbo ng Hukbong Gerilyang Mapagpalaya ng Bayan (HGMB) ang sarili nito, isang hukbong nangangahas na wasakin ang kaaway at nagpapamalas ng dakilang tapang. Ang digmang bayan na inilulunsad ng gayong pulang hukbo na pinamumunuan ng partido ay di-matatalo."**

Dagdag pa rito, binigyang-diin at pinatunayan ni Kasamang Basavaraj sa sarili niyang buhay na: **"lubhang kinakailangan na lumaban nang may tapang, kabayanihan, at sakripisyo upang ipagtanggol ang ating partido, ang HGMB, at ang mga organo ng kapangyarihang bayan mula sa mga atake ng kaaway, upang makamit ang mga bagong tagumpay, sumulong nang malalaking lundag, at magpataw ng mas malaking pinsala sa kaaway. Kaya, ang ating opensiba laban sa kaaway ay dapat laging puno ng makauring poot, katapangan, at determinasyon. Dapat nating tandaan na hindi maaaring makamit ang ating pampulitikang layunin at maisakatuparan ang interes ng sambayanan nang walang sakripisyo."**

Dapat labanan ng lahat ng komunista ng daigdig ang pagsuko ni Sonu at isabuhay ang walang takot na diwa ni Kasamang Basavaraj at ng ilang dosenang Pinuno at di-mabilang na Masa na nag-alay ng kanilang buhay para sa Rebolusyon. Sa pag-aalay ng kanyang buhay para sa Partido at Rebolusyon, hindi hinayaan ni Kasamang Basavaraj na madungisan ang ideolohiya ng proletaryado at ang Partido, at nakamit niya ang ganap na tagumpay ng PKI (Maoista) laban sa rebisyunismo at pagsuko, at dahil dito, tagumpay ng buong Pandaigdigang Kilusang Komunista.

Muling nirehabilita ni Xi Jinping si Li Shaoshi, ang "Khrushchev ng Tsina", upang isulong ang propaganda ng mapayapang transisyon, mapayapang pag-iral nang magkatabi, at mapayapang paligsahan, upang palitan ang pakikibaka laban sa imperyalismo at tunggalian ng uri ng bulok na teorya ng mga produktibong pwersa. Tulad ng Kanang Oportunistang Linya sa Peru at ni Prachanda sa Nepal, itinataguyod ng pangkat ni Sonu sa India ang pagwawaksi sa Bagong Demokratikong Rebolusyon, ang pagwawaksi sa yugto ng Rebolusyong Agraryo, at ang pangangailangang wasakin ang mala-pyudal na batayan sa mga malakolonyal na bansa, nang kanilang sabihing nalampasan na ang malapyudalismo bilang bunga ng dominasyong imperyalista.

Itinuro ni Kasamang Basavaraj na dapat malawakang pakilusin ng komunista ang mga magsasaka sa larangang militar sa sandatahang Rebolusyon upang ganap na malutas ang usapin sa lupa. Ito ang pinakapayak at pinakamahalagang kundisyon at paunang kundisyon upang talunin ang lahat ng kaaway at tapusin ang Bagong Demokratikong Rebolusyon. Ito ang mga katotohanang dapat mahigpit na itaguyod ng lahat ng komunista.

Mayroon pa ring lihim na tagapagtaguyod ng mga kaisipan ni Sonu sa hanay ng Pandaigdigang Kilusang Komunista, mga nahihiyang tagasunod nina Avakian, Prachanda, ang Kanang Oportunistang Linya, at si Xi Jinping. Binabalot nila ang sarili sa pulang mga bandila upang gumawa ng mga proklamasyong laban sa imperyalismo at pagtatanggol sa Digmang Bayan sa India, ngunit sa totoo ay hindi nila nilalabanan ang imperyalismo sa gawa at tumatangging sumalungat sa agos. Hindi pinalalampas ng mga ginoong ito ang pagkakataong magsalita laban sa sektaryanismo sa ngalan ng pagkakaisa, ngunit kasabay nito ay mabangis nilang inaatake ang sinumang hindi tumatanggap sa kanilang pamumuno, gumagawa ng intriga at pakana kasama ang mga kilalang taksil at espiya, at naghahanap ng pagkakaisa sa tahanan pangahingan ng ideolohikal na kawanggawa na kinakatawan ng rebisyunistang Pandaigdigang Ugnayan ng mga Rebolusyonaryong Partido at Samahan. Sila rin ang mga taong maaaring

magsalita ng mabibigat na salita laban sa imperyalismo ngunit matagal nang sumuko sa pakikibaka laban sa imperyalistang burgesya sa mga bansang imperyalista, kabilang ang sarili nilang burgesya, at sa halip ay nangangaral ng sosyal-tsobinismo at sosyal-patriyotismo. Isa itong ikalimang hanay laban sa Pandaigdigang Kilusang Komunista at sa Pandaigdigang Rebolusyon, na dapat ilantad.

Ang rebisyunismo ang pangunahing panganib sa Pandaigdigang Kilusang Komunista. Isa itong kontra-agos na naglalayong hadlangan ang mga pakikibaka laban sa imperyalismo at ilihis ang mga ito mula sa rebolusyonaryong laman sa pamamagitan ng paghahati sa dalawang agos ng pandaigdigang Rebolusyon.

Dapat nating pag-aralan at isabuhay ang itinakda ni Tagapangulong Mao tungkol sa estratehiya at taktika ng pandaigdigang Rebolusyon para sa kasalukuyang kapanahunan: Mga Marxista-Leninista-Maoista ng lahat ng bansa, magkaisa! Mga rebolusyonaryong Sambayanan ng buong daigdig, magkaisa at gapiin ang imperyalismo, kasalukuyang rebisyunismo, at lahat ng mapanumbalik! Sa ganitong paraan, nagsasanib ang kilusan para sa pambansang pagpapalaya at ang pandaigdigang kilusang proletaryo, at itinutulak ng dalawang pwersang ito ang pag-unlad ng kasaysayan ng daigdig.

Nag-aanyong pambansa ang rebolusyong proletaryo, ngunit pandaigdigang ang diwa nito. Ang Rebolusyon sa bawat bansa ay umuunlad bilang bahagi ng at di-maihihiwalay sa Pandaigdigang Rebolusyon. Muling pinagtitibay ng Pandaigdigang Ligang Komunista ang panata nitong patuloy na galawin ang langit at lupa upang isulong ang pangunahing tungkuling ilagay ang Maoismo bilang pamumuno at gabay ng pandaigdigang proletaryong Rebolusyon, muling pagkaisahin ang Pandaigdigang Kilusang Komunista, at sumulong sa pagtatayo ng isang pandaigdigang organisasyon ng proletaryado, sa landas ng muling pagtatatag ng dakilang Komunistang Internasyonal, isang kailangang-kailangang sangkap ng kilusang komunista upang hampasin ang imperyalismo sa bawat bahagi ng planeta bilang iisang kamaong bakal.

Mabuhay ang ika-60 anibersaryo ng Dakilang Himagsikang Pangkultura ng Proletaryado!

Bombahin ang punong-himpilan ng rebisyunismo!

Mabuhay ang Marxismo-Leninismo-Maoismo!

Mabuhay ang Pandaigdigang Ligang Komunista!

Ibagsak ang imperyalismo! Mabuhay ang Digmang Bayan!

Pandaigdigang Ligang Komunista

Ika-1 ng Mayo, 2026